readers. From the study's results, the conclusions were drawn: Wattpad stories adapted to films are closely aligned with traditional literature, with the primary differences being their online availability, reader interaction, and editability. Readers can comment on each part, although the decision to incorporate these suggestions lies with the author. Furthermore, Wattpad as a one of modern venue for literature showcases elements of postmodernism by providing access, promoting new forms, inspiring new writers, building a community, and fostering multicultural awareness. These contributions can help and enrich regional literature.

*Keywords* – Wattpad, internet, emergent literature, genre, Wattpad works

---

## INTRODUCTION

Mahalagang bahagi ng buhay ng tao ang pagbabasa dahil dito nagkakaroon ng interaksyon sa pagitan ng manunulat at mambabasa ngunit sa paglipas ng panahon, nagbabago rin ang pamamaraan ng pagbabasa ng mga akda mula sa pahinang nahahawakan gaya ng pocket books hanggang sa paggamit ng iba't ibang uri ng teknolohiya. Lalo na sa mga akda sa social media na naaakses sa kompyuter at maging ng mga selpon. Ngunit, hindi maiiwasan na habang tumatagal ay maraming pagbabago ang nararanasan lalo na sa panahong digital na napakadali lang ng koneksyon natin sa mga bagay na kailangang malaman. Binanggit ni Andrada (2020) sa isang kolokyum na hindi dapat tinitingnang demonyo o kalaban ang teknolohiyang digital at sa halip ay gamayin natin ang operasyon nito upang magamit ang naturang mga plataporma sa tamang pamamaraan.

Sa paglipas ng panahon, nagbago ang paraan ng pagbabasa at pagsusulat – mula sa mga tradisyonal na babasahin hanggang sa digital na plataporma na mas mabilis at madaling maakses, gaya ng Wattpad. Ang Wattpad ay isang social networking site at online storytelling community na nagbibigay ng oportunidad sa mga baguhang manunulat upang maibahagi ang kanilang mga akda sa mas malawak na mambabasa. Bukod sa pagiging libangan, ito rin ay naging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Maraming pag-aaral na ang isinagawa hinggil sa wattpad, partikular sa epekto nito sa mambabasa at kanilang akademikong pagganap, gaya ng pag-aaral ni Basogul (2021), tinitingnan na ang mga kuwento sa Wattpad bilang libangan ng mga kabataan at tinatawag itong youth literature, tinatangkilik ng kabataan sapagkat mas mabilis ang akses ng pagbabasa, lalo na't nahuhumaling sila sa kanilang mga gadget at social media.

Gayunpaman, hindi gaanong napagtuunan ng pansin ang pampanitikang katangian ng mga kuwentong matatagpuan dito – kung paano naipapakita ang kultura, pananaw at mga paksaing tintangkilik ng makabagong henerasyon. Mula sa nakitang agwat ng mga nagdaang pag-aaral, ipinosisyon ng mananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral. Nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa magiging kontribusyon ng mga akda sa

Wattpad sa pagpapalaganap ng kultura at panitikan ng sa Pilipinas. Napapalawak nito ang imahinasyon dahil nagbibigay ito ng avenyu para sa paglikha ng mga bagong mundo, tauhan at kuwento na nagpapalawig sa kakayahan ng tao makapag-isip at makapaglikha. Napapahalagahan nito ang pagkamalikhain ng isang indibidwal lalo na at ito ay isang platform na maaaring ipakita at ibahagi ang mga gawa, kahit simple ang akda, na nagpapalakas mismo sa kumpiyansa at pag-unlad ng isang manunulat at mambabasa. May mga usapin tungkol sa epekto ng panulat sa Wattpad sa pananalita ng kabataang Pilipino dahil gusto nila ito kung kaya't ginagaya ng karamihan.

Sa kasalukuyang pag-aaral, hindi ito lumalayo sa usapin ng post-modernismo na mula sa pilosopiya ni Lyotard (1985) na nakatuon sa aspeto sa tungkulin ng sining ng post-modernismo at ang kahalagahan ng etiko at hustiya sa gitna ng kawalan ng tiwala tungo sa mga nasa itaas na naratibong panitikan at mga sumusulpot na naratibong panitikan. Ginamit ang teoryang ito bilang pagpapahayag ng damdamin mula sa epekto ng lipunang ginagalawan at pagpapakilala sa henerasyon ngayon na tumatangkilik sa kanluran. Malaki ang tungkulin ng teoryang ito sa pagpapakilala sa pag-aaral dahil tinitingnan sa pag-aaral na ito ang mga akda sa Wattpad na isinulat ng mga Pilipinong Wattpader. Ang mga nilalaman na akda sa Wattpad ay apektado ng post-modernismo dahil naisasawalat gamit ng nasabing app ang mga iba't ibang katagang katulad ng pangugutya, pambubuska, at maagang pakikipagtalik na epekto ng postmodernismo na maririnig sa kabataang nag-uusap. Dahil hindi naman kontrolado ng Wattpad ang gustong isulat ng isang manunulat, kahit may kaselanan at karahasan, ang importante ay pumatok ito sa masa. Sa gayong dahilan, lalo pang napayayabong ng anumang pag-aaral ang katangian ng panitikan sa Pilipinas. Sa kadahilanang ito, nagkaroon ng interes ang mananaliksik na pag-aaralan ang katangiang pampanitikan na matatagpuan sa mga kuwento sa Wattpad.

Marami na ang nag-aaral ukol sa Wattpad, mula sa pag-unlad sa pagsusulat hanggang sa pagpapalawak ng kaalaman at pang-unawa sa iba't ibang mga karanasan at pananaw. Sa mga pag-aaral na ito, laging kaakibat ang panitikan bilang imbakan ng iba't ibang karanasan, paniniwala, gawi, at buhay ng mga tao. Nilalayon ng pag-aaral na mailahad at mailarawan ang katangiang pampanitikan ng mga kuwento mula sa Wattpad.

## LITERATURE REVIEW

### *Konsepto ng Emergent Literature: A Digital Trend Perspective*

Ayon kay Andrada (2020), ang etimolohiya at kahulugan ng salitang digital - nagmula sa salitang Latin na digitus na ibig sabihin na daliri sa paa at kamay; hanggang sa naging digitalis na salitang Latin na ibig sabihin nito ay daliri at may kinalaman sa daliri; sa pagdating ng ika-15 na siglo naging digital at sa ika-20 na siglo ang salitang digital na binigyang pagpapakahulugan sa diskyonaryo– ang digital na anumang kaugnayan sa computer technology at internet, isang pagdisenyo at paglikha ng birtwal, computer-mediated counterpart ng mga pisikal o aktwal na bagay sa mundo.

Ayon naman sa aklat ni Ordonez (2001), "Emergent literature that is intertwined with the people's struggle for national liberation. It is the wave of the future, the alternative literary hegemony indeed - because it is on the side of the people." Nagpapakita ito ng kapangyarihan dahil naka-angkla dito ang pagtangkilik ng masa sa pagbabasa ng literatura at ito rin ang integrasyon ng tradisyonal at teknolohikal na anyong hinihimok ng literatura. Isa sa pananaw nito ay ang digital trend na binigyang pagpapakahulugan ni Hayles (2008) na isang elektronikong literatura bilang teksto na nilikha sa digital na pamamaraan digital born na mga gawa—a first-generation digital object created on a computer and meant to be read on a computer. Isa ang Wattpad sa halimbawa nito kasama ng manga, digi-fiction, blog, at marami pang iba. Dahil sa kulturang popular, isang malaking usapin ang madalas na sinusunod ng karamihan.

***Ang Silip sa Emergent Literature***

Isang integrasyon ng teknolohikal at tradisyonal na porma na panitikan ang emergent literature. Tinitingnan sa pag-aaral na ito kung mayroon bang mga elemento ang Wattpad sa teknolohiyang digital, hybrid, multimodal na maipamamahagi at maaaring baguhin nang bahagya sa semi-komunal. Ayon sa aklat ni Ordonez (2001), maaaring hango kay Raymond William ang ideya ng pag-usbong ng literatura na pinapalagay na ang lipunan ang nangingibabaw, nalalabi, at nagpapa-usbong sa kultura. Ibig sabihin, ang emergent literature ang nagsisilbing boses ng mga bagong pananaw at karanasan na hindi pa ganap na kinikilala o tinatanggap ng dominanteng kultura. Sa ganitong paraan, pinapakita ng emergent literature ang pagiging dinamiko ng kultura at panitikan bilang mga buhay na prosesong patuloy na nagbabago at umaangkop sa mga bagong konteksto at hamon ng lipunan. Binanggit din sa aklat ang patungkol sa pananaw ni Antonio Gramsci sa 'hegemony' na nahahati ito sa dalawang pagpapakahulugan—ang relasyon ng dominasyon at subordinasyon at ang pormal ng kahulugan, valyu, at paniniwala. Samakatuwid, hindi lamang ito simpleng dominasyon sa pamamagitan ng pisikal na puwersa o ekonomiyang kapangyarihan kundi pati na rin sa pamamagitan ng pagkontrol sa kaisipan at paniniwala ng tao. Nagiging karaniwang pananaw o "common sense" at tinatanggap ng iba pang uri bilang natural at hindi maiiwasan ang mga ideya at paniniwala ng dominanteng uri.

Ayon pa kay Ordonez (2001), kahit saang lipunan, mahalaga para sa tagumpay at kaligtasan ng kahit anong dominanteng uri o pangkat ang isang establisyemento ang sibilyang hegemonya. Ibig sabihin nito, kailangang makisali sa isang lipunan ang isang pangkat na nararapat lang na tanggapin ang iba na may sariling moral, politikal, at kultural na pamumuno. Isang panitikan na nasa labas ng pormalistang kritikal na kanon ngunit hindi nangangahulugang kulang sa sining. Ito ang alon ng hinaharap, ang alternatibong panitikang hegemonya sapagkat ito ay nasa panig ng tao. Kaya, kahit maraming pinagdaaanan ang literatura ng Pilipinas simula pa noong panahon ng katutubo, hindi maikakaila na patuloy itong yumayabong lalo na sa pagdating ng teknolohiya na mas napadali at napagaan ang paghahanap at paggamit nito. Isa na ang Wattpad app sa

tumutulong na maengganyo ang mambabasa na magbasa ng mga kuwentong Pilipino at mahikayat na ring magsulat ng panitikang Pilipino.

## METHODOLOGY

Ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral. Ito ang ginamit dahil nakatuon ito sa layuning maunawaaan, mabigyang-kahulugan, at mailarawan ang mga likas na kahulugan na patungkol sa mga akda sa Wattpad. Upang makalap ang kinakailangang datos, binisita ang opisyal na Wattpad page at pumasok sa komunidad ng Wattpad. Tiningnan ang mga sinubaybayang mga akda na naisapelikula. Sa tulong ng Wattpad community, itinuturing isang pampanitikang komunidad sa online ang mananaliksik ng mga komento o impormasyon na nakapaloob sa akda. Ang mga datos na ginamit at sinuri ng pag-aaral ay ang mga akdang naisapelikula tulad ng mga sumusunod: She's Dating the Gangster, Diary ng Panget, Just The Way You Are, Talk back and You're Dead, at This Time. Pinili ang mga akdang Wattpad na binanggit ayon sa sumusunod na krayterya: (1) naisapelikula ito sa Pilipinas, umabot ng milyon ang nakabasa ng akda; (2) pumatok sa takilya; (3) pinagbibidahan ito ng mga popular loveteam sa Pilipinas: Kathniel, Jadine at LizQuen. Sinuri ang mga genre ng mga akdang Wattpad at katangiang pampanitikang taglay nito. Gayundin, makikita rito ang pag-unlad ng Wattpad at kontribusyon nito bilang isang bagong venyu ng panitikan.

Para mailahad ang mga temang ginagamit sa Wattpad at mailarawan ang katangian nito, ginamit ang uring content analysis para sa pagsusuri ng mga datos na nakalap. Mula sa binasa at pinanood na akdang Wattpad, kumuha ng papel at bolpen ang mananaliksik para ihanay ang mga diyalogong kakikitaan ng genre. Pagkatapos, gumamit ng talahanayan ang mananaliksik at inihanay nang maayos ang mga diyalogo. Mula sa mga pangunahing bida ng akda, ang mga diyalogo ay inihanay ito ayon sa genre na kinabibilangan. Sunod na ginawa ng mananaliksik, sinuri ang mga diyalogo ayon sa genre at nang makuha na ang nangingibabaw na mga impormasyon ang kasunod nito ang makikitang tradisyong pampanitikan sa sinusundang panitikan. Dinagdagan din ng mananaliksik ng mga kahulugan at bakas ng kasaysayan ng piksyon, porma at nilalaman at iba pang makatutulong sa katangian ng mga kuwento sa Wattpad. Panghuli, ang mga impormasyon na nagpapakita ng pag-unlad ng panitikan o pagiging emergeng literature nito, mga kontribusyon bilang isang bagong venyu o plataporma ng panitikan at mga estratehiya ng mga guro na magagamit bilang isang isa sa kagamitang pagtuturo para makuha ang atensyon ng mga Gen Z.

Ginamit ang post-modernismo sa pagtalakay sa mga kaisipang nagpapaliwanag sa nilalaman ng Wattpad bilang pagpapahayag ng damdamin mula sa epekto ng lipunang ginagalawan at pagpapakilala sa henerasyon ngayon na tumatangkilik sa kanluran. Tinitingnan ang sistematikong pag-aral sa isang komunidad katulad ng Wattpad na nais maintidihan ang takbo ng komunidad nito sa tulong ng mga akdang mababasa sa Wattpad. Pinili ang teoryang ito sapagkat tinitingnan sa pag-aaral na ito ang mga akda sa Wattpad na isinulat ng mga Pilipinong Wattpader. Apektado ng post-modernismo ang

mga nilalaman ng mga kuwento sa Wattpad dahil naisawalat gamit ng nasabing app ang mga iba't ibang katagang katulad ng pangugutya, pambubuska, at maagang pakikipagtalik na epekto ng postmodernismo na maririnig sa mga kabataang nag-uusap. Ginamit din ang konsepto ng emergent literature sa digital era upang makita ang dahilan para sa digital era na maituturing ang mga akda na bahagi ng umuusbong na literatura at mga taglay nito na makikita sa tradisyonal na literatura.

## RESULTS

Sa pagpasok ng modernisasyon, naiba ang kinahihiligan ng kabataan. Sumasabay sa pagbabago ng panahon—mula sa pagbabasa ng mga aklat ay pinasok na ang pagbabasa sa platapormang digital. Mula rito'y buo ang kanilang konsentrasyon sa nauusong babasahin tulad ng Wattpad. Malaki ang impluwensiya ng kuwento sa Wattpad para sa kabataan. Kadalasan din sa mga kuwentong ito'y naisapelikula kaya isa ito sa kinagigiliwan ng makabagong henerasyon bilang bagong venyu ng pagbabasa na tinatawag na Wattpad.

### *Ang Wattpad sa Panitikang Pilipino*

Mula sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, may mga kwentong nagsisilbing tulay upang maging bahagi na ng ating pang-araw-araw na gawain ang pagbabasa. Mula sa iba't ibang kaganapan na naranasan ng mga tauhan sa kwento na sinusubaybayan ng mambabasa na naiimpluwensiyahan din sila sa iba't ibang emosyon na ipinapakita sa akda. Para kay Jose Villa Panganiban (1954), ang panitikan ay "paraan ng pagpapahayag na isinaayos sa iba't ibang karanasan na nababalot ng iba't ibang damdamin tulad ng pag-ibig, pagkapoot, ligaya, lungkot, pag-asa o pangamba." Maaaring namutawi ang tuwa, takot, kaba, o kilig dulot ng iba't ibang genre sa mga akdang nababasa. May mga akda na sa mambabasa na alamin ang mga pahiwatig at tunay na kahulugan ng mga salita sapagkat may pagkakataon na nilalantad ng panitikan ang katotohanan sa larawan ng tunay na buhay. May pagkakataon din na nagtuturo ito ng tamang asal o kung ano ang tama at mali.

Isang oportunidad ang Wattpad upang mahikayat ang kabataan na magbasa ng mga akdang sumasabay sa pagbabagong takbo ng lipunan tulad ng teknolohiya. Malaki ang epekto nito sa kanilang pananaw sa sarili at kapaligiran. Isang halimbawa ang mga akda sa Wattpad na nakagawiang basahin ng henerasyong nakababad sa internet, kumbaga madali at malawak ang mapagkukunan ng kaalaman. Mula sa nababasang akda sa Wattpad, nagkakaroon din ito ng adaptasyon tungo sa telebisyon at pelikula. Ginamit sa pag-aaral na ito ang iilang akdang na sumikat na nagbukas ng oportunidad sa mananaliksik na suriin ang limang kwento mula sa Wattpad.

Ayon naman sa pag-aaral ni Gayanes (2015), ang ideyang ito ay tinatawag na "transmedia narrative" na nangangahulugang na-transmit, nag-iba ng anyo, at isinalin sa iba't ibang paraan ng komunikasyon. Kaya hindi nakapagtataka na naging ganito kabilis

ang takbo ng mga akdang Wattpad sa pelikula dahil mayroong market o kita rito. Dahil sa malakas na market, maraming mga kuwento sa Wattpad ang naisapelikula. Sa pag-aaral na ito, pumili ang mananaliksik ng limang akdang wattpad na naisapelikula na may pinagbatayang kategorya sa pagpili na mababasa sa metodolohiya ng pag-aaral. Makikita naman sa ibaba ang figyur 1 na nagpapakita ng mga genre sa Wattpad (Figure 1).



*Figure 1.* Mga Genre ng mga Kwento sa Wattpad

## DISCUSSION

Sa mga genreng makikita sa figyur 1, tinutulungan ang mga mambabasa at manunulat na makahanap at makalikha ng mga kwentong angkop sa interes at inaasahan at pinapalakas ang komunidad ng Wattpad sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa mas malalim na pakikipag-ugnayan at pagpapalitan ng kaalaman. Mula sa mga genreng nakapaloob sa Wattpad, gamit ang kategorya sa pagpili lumabas sa mga kuwentong na genreng romance ang pinaka-umangat sa lahat ng genre. Mula sa nasuring mga dayalogo ng mga akdang Wattpad, lumitaw ang mga genre nang tinatangkilik ng mga mambabasa sa naturang app. Dahil dito lilitaw naman ang paglalarawan ng mga katangiang pampanitikan ng mga kuwentong Wattpad. Dahil ang Wattpad ay isang online storytelling community na ang mga user ay nagpo-post ng kani-kanilang mga gawang akda, halimbawa nito ay kuwento na maaaring masulat at mabasa sa website o mobile app na itinatag nina Allen Lau at Ivan Yuen at napalago nang maayos dahil sa lakas ng hatak nito sa modernong pamamaraan, lalo na sa bilis ng pagbabahagi gamit ang social media.

### *Katangian at Estilo ng Wattpad*

Maituturing na dinamikong plataporma ang mababasa sa mga akdang Wattpad dahil nabibigay nang malawak na kalayaan sa mga manunulat at mambabasa na makipag-ugnayan sa mga kuwento sa paraaang hindi karaniwan sa tradisyonal na libro. Marami pa itong magagawa dahil sa pagiging interaktibo nito mula sa palitan ng komento ng mga mambabasa katulad na lamang ng mga binanggit na akda. Maraming genre rin ang nasasakop ng mga kuwento sa Wattpad. Dahil dito, nagiging daybers at inklusib ang mga

kuwento sapagkat nagpapakita ito ng iba't ibang kultura, kasarian, at sekswal na oryentasyon. Sa tulong nito, napapalawak ang perspektibo ng mambabasa. Makikita naman sa ibaba ang paglalarawan sa katangian ng mga kwento sa Wattpad:

1. Tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay partikular sa romance at teen fiction. Mula sa datos na nakalap, ang mga love story, school romance, at adult-romance ang mas tinatangkilik dahil bukod sa maraming nakaka-relate, ang POV (point of view) ng nagsusulat ay nababasa rin ng mga mambabasa.

2. Malakas ang hatak ng mga sumusubaybay o fan base. Bukod sa mas inaabangan ang mga genreng romansa, hindi maitatanggi ang mataas na bilang ng mga mambabasa sa Wattpad at isa ito sa nagiging potensiyal na maging pelikula katulad ng mga akdang Wattpad sa kasalukuyang pag-aaral. Ang popularidad ng akda sa platform ay isang indikasyon ng interes ng mga mambabasa.

3. Gumagamit ng makukulay na tauhan. Isang mahalagang aspeto ang pagkakaroon ng malalim at kapana-panabik na mga tauhan na madaling makaka-relate ang mga mambabasa o manonood. Katulad na lamang ng mga babaeng karakter sa kasalukuyang pag-aaral na sina Athena at Eya na parehong palaban sa buhay at hindi nagpapatinag sa sasabihin ng iba. Mayroong mga natatanging plot o banghay.
4. Natatanging plot o banghay. Mas madalas na napapansin ang mga kwento kung mayroon itong kakaiba o plot twist. Dagdag pa rito kung ito ay orihinal na kwento katulad na lamang ng mga kwento sa Wattpad na nabigyan ng pagkakataon na maisapelikula.

5. Mga tagumpay ng may-akda. Isang mahalagang aspeto ang pagkakaroon ng isang masipag at masigasig na may-akda o awtor na aktibong nagpo-promote ng kanyang gawa dahil bilang ang Wattpad ay isang bahagi rin ng social media malaking bagay na aktibong pakikisalamuha dahil nakatutulong sa pag-aangat ng kwento.

6. Napapanahon at nauugnay na isyu. Katulad ng mga panlipunang isyu, gender equality, mental health, at iba pa. Dahil madalas na nakikipag-ugnayan sa mambabasa sa pamamagitan ng updates, comments, at polls. Minsan din ang feedback nito ang nakakaapekto sa daloy ng kwento.

Mula sa nabuong mga katangian ng Wattpad na naisapelikula, masasabing hindi ito nalalayo sa katangian ng isang maikling kwento: pareho itong tumatalakay sa isang madulang bahagi ng buhay; gumagamit ng isang mahalagang tagpo o ng kakaunting tagpo; nagpapakilala ng mabilis na pagtaas ng kawilihan hanggang sa kasukdulan ngunit maliban na lamang sa isang tauhan lang umiikot ang kwento dahil batay sa mga nakalap na datos, ang mga kwentong Wattpad ay kadalasang binubuo ng dalawa o higit pang pangunahing tauhan lalo na sa genreng romansa. Sa kabilang banda, ang estilo ng mga

akda sa Wattpad ay hindi rin nalalayo sa estilo o pamamaraan ng pagsusulat ng maikling kwento. Ayon sa aklat ni Bautista (2000), ang style o pamamaraan sa pagsulat ng kwento ay ang balangkas ng mensahe o pahatid. Ito ang gabay sa mga napag-isipang ideya na nabibigyang-diin. Sa estilo ng pagkakasulat ng mga akda sa Wattpad, ito ay sa paraang pagsasalaysay, pagdadiyalogo, at paglalarawan. Ibig sabihin, lahat ng pamamaraan ay nagagamit maliban na lamang nailalathala ito sa online.

## *Anyo at Porma ng mga Akda*

Karamihang nasa anyong tuluyan partikular na nasa maikling kuwento at nobela ang makikita sa Wattpadd app. Maaaring mabasa ang mga kuwento sa app na mada-download o i-click ang link ng Wattpad. Sa pag-aaral na ito, nakapokus sa limang akdang Wattpad na isinapelikula, ang She's Dating The Gangster na mayroong (53) limampung kabanata at 8.1 milyong nakabasa; ang Just The Way You Are na may (72) pitumpu't dalawang kabanata at 50.1 milyong nakabasa; ang Diary ng Panget may (66) animnapu't anim na kabanata at 27.2 milyong nakabasa; ang Talk Back and You're Dead na may (59) na kabanata at 9.4 milyong nakabasa; at ang This Time na may (5) limang bahagi lamang at may 1.6 milyong nakabasa. Dahil sa modernong pamamaraan na nabibigay na access, mas nagkaroon ng puwang ang pagbabasa ng mga akdang Wattpad. Dahil dito, nagalak lalo ang mga Pilipinong sumulat at magbasa ng mga kuwento sa Wattpad (Brainstation, 2015).

Dahil sa bukas ito sa lahat, hindi maiiwasan na maging instrumento o venyu upang mapagkunan ng iba't ibang impormasyon at maaaring makaapekto ito sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Dahil na rin sa hindi matitinag na pag-usbong nito ay nagbibigay ito ng panibagong mukha ng modernong panitikang Filipino. Ngunit sa pag-aaral na ito, sisipatin ang katangiang taglay ng mga akda sa Wattpad. Lalo na't ang mambabasa ay kadalasang kabataan at bukod sa nauuso ito, naging inspirasyon din ito sa mga nais magkuwento o maglibang na maipahayag ang kanilang damdamin at maibahagi ang magagandang kuwento hindi lang sa kanilang lugar kundi sa buong bansa.

## *Konteksto ng mga Akda sa Wattpad*

Ayon kay Bautista (2000), ang konteksto ay tumutukoy sa mga elemento ng kwento tulad ng tagpuan, tema, karakter, at mga kaganapan na nagbubuo ng kabuang naratibo. Makita naman sa ibaba ang nakitang mga pangunahing konteksto na makikita sa mga kwentong wattpad.

1. Kultural na Konteksto

   Sa larangan ng kultura at tradisyon, ang mga kwento sa Wattpad ay nagpapakita ng lokal na kultura, kaugalian at tradisyon. Halimbawa, sa tagpo ng This Time na nagkaroon ng kapistahan bilang selebrasyon ay bahagi ng tradisyon ng Pilipino at ang mga pamahiin katulad ng isang tagpo sa Diary ng Panget na nakakita si Eya ng pusa

habang naglalakad ito at natatakot na malasin. Sa wika naman na ginamit, nangunguna ang wikang Tagalog, may Taglish at iba pang lokal na nagbibigay ng mas personal at nakaka-relate na tono.

2. Sosyal na Konteksto

Mula sa limang kwentong Wattpad, ang pangunahing nakita ay ang tungkol sa relasyon at pamilya. Dahil sa mga kwentong ito katulad ng walang hanggang pagmamahalan nina Kenji at Athena, at ang pagkakaayos ng relasyon ng mag-ama sa Just The Way You Are at pagmamahalan sa ikalawang pagkakataon. Ito ang nagbibigay-lalim sa naratibo na nagpapaiba nito. Pagdating naman sa isyung panlipunan, tinatalakay rin dito ang tungkol sa kahirapan, diskriminasyon, LGBTQ+ rights, mental health, at iba pa. Halimbawa nito ang diskriminasyon sa pisikal na anyo ni Eya sa Wattpad na Diary ng Panget, dahil sa mga tigyawat sa mukha at lapitin nito sa digrasya na bansagan siyang "panget na nga, lampa pa." Isang pahayag na may malaking dulot sa kumpyansa ng isang tao na pinagdaanan ni Eya sa kwento.

3. Pang-ekonomiya na Konteksto

Mula sa limang kwentong Wattpad, dalawa ang nakita: una ang klase at katayuan sa lipunan. Katulad na lamang ni Eya at Cross na isang mahirap at mayaman at ipinapakita rin ang pagsusumikap ng pangunahing tauhan sa umangat sa buhay. Ikalawa, ang karera at trabaho, sa mga kwento nagpapakita ito ng mga karanasan ng mga tauhan sa kanilang mga trabaho at propesyon na nagbibigay ng realistiko at nakaka-relate na konteksto.

4. Heyograpikal na Konteksto

Mula sa limang kwentong Wattpad, madalas na tagpo sa kwento ang paaralan dahil ang mga tauhan ay mga mag-aaral at nasa urban ang tagpo maliban sa akdang This Time na umuwi ng probinsya ang pangunahing karakter. May mga historical landmarks din na ipinakita katulad ng Bulkang Mayon na doon dinala ni Kenji si Athena para isupresa ito.

5. Sikolohikal na Konteksto

Mula sa limang kwentong Wattpad, lumulutang ang mga personal na pakikibaka ng mga tauhan gaya ng identity crisis, mental health, at self-discovery. Halimbawa nito ang akdang Talk Back and You're Dead sa karakter nina Sam at Top, bago sila magkaibigan ay mayroon silang identity crisis dahil patuloy pang hinahanap ni Sam ang kanyang sarili sa kung saan siya nabibilang lalo na at mayroon pa itong problema sa ina habang si Top naman na lider ng "Lucky 13" na binansagang mayabang at dominante ngunit may malalim na sugat mula sa kanyang nakaraan.

6. Personal na Konteksto

Mula sa limang kwentong Wattpad, nangingibabaw ang buhay at karanasan ng manunulat bilang ang pananaw ng manunulat na maaaring makaapekto sa kanyang kwento. Ayon sa awtor ng She's Dating The Gangster na si SGwannaB, ang inspirasyon nito sa pagsusulat ay ang kanyang personal na karansan sa pag-ibig.

Dahil sa mga konteksto na nakita sa mga kwentong Wattpad, mas nabigyan ng mas malalim na pagpapahalaga ang mga kwento sa Wattpad at nagpapakita ng malawak na saklaw ng mga karanasang Pilipino na sinasalamin sa platform na ito. Sa kabuuan, maituturing na maikling kwentong ang Wattpad na naisapelikula dahil una, nakapokus ito sa isang pangunahing linya ng istorya na umiikot sa relasyon ng mga pangunahing tauhan. Sa maikling kwento, mahalaga ang pagiging direktang pagsasalaysay o naratibo na hindi masyadong komplikadong mga pangyayari. Pangalawa, limitadong karakter o tauhan na nakatutulong upang mas madaling sundan ang daloy ng kwento. Pangatlo, ang matinding emosyonal na tema dahil karamihan sa mga kwento ay tungkol sa pag-ibig, pagkakaibigan, at personal na pagsubok na karaniwan sa maikling kwento. Pang-apat, mayroong malinaw na simula, gitna, at wakas na ayon sa istruktura ng maikling kwento binubuo ng simula (pagpapakilala sa tauhan at problema), gitna (pag-unlad ng mga pangyayari at kasukdulan), at wakas (resolusyon ng kwento). Panlima, nakatuon lamang sa iisang pangunahing banghay na sinusundan mula simula hanggang wakas na isa sa mga katangian ng isang maikling kwento. Pang-anim, nakapokus sa karakterisasyon dahil upang mas mapalalim ang pangunahing tauhan, kinakailangan itong paglaanan ng oras na isa mahalagang elemento ng maikling kwento. Panghuli, ang tema at aral, na nararapat na malinaw na naihahatid ng kwento na karaniwang layunin din ng maikling kwento. Kaya, ang mga kwento sa Wattpad ay nagpapakita ng mga katangian ng maikling kwento dahil ang kwento ay buo at malinaw na naipahayag sa maikling porma.

Makikita ang postmodernismo sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga halimbawang aspekto: (1) ang pagkapira-piraso ng naratibo at porma – mula sa mga naunang anyo gaya ng epiko at alamat, sumulpot ang anyo ng digital storytelling sa pamamagitan ng Wattpad. Ang pagbabagong ito ang nagpapakita ng postmodernistang pagkalas mula sa tradiyonal na anyo tungo sa mas dinamikong porma. Halimbawa, ang pagtampok ng mga iba't ibang pananaw o multiple perspectives at malayang naratibo o open-ended na isa mga katangian ng postmodernism dahil sa mga kuwentong Wattpad nagkakaroon ng komunikasyon ang mambabasa at manunulat (2) Ang postmodernistang ideya ng simulacrum o ang pagkalito sa pagitan ng totoo at hindi totoo. Halimbawa, ang mga tauhan at eksena sa mga kuwentong tulad ng She's Dating The Gangster at Diary ng Panget na sina Kenji at Athena na nagiging modelong susundan ng kabataan sa tunay na buhay gaya ng pakikipag-relasyon at pagpapahayag ng sarili, na maituturing na imitasyon ng realidad na mas nagiging totoo kaysa mismong realidad (3) Mula sa mga piniling mga kuwento, gaya ng She's Dating The Gangster na isang kuwento sa Wattpad na naisapelikula – isang aspeto ng intertextuality na isang teksto na binibigyang-buhay muli sa ibang anyo (4) Dahil sa pagiging bukas ng Wattpad sa iba't ibang genre ng kuwento, nagkakaroon ng espasyo at kalayaan ang mga manunulat na lumikha ng mga kuwentong sumasalamin sa karanasan gaya ng kasarian at kultura na sumasalamin sa diwa ng pluralism at relatibismo (5) Mula sa mga nasuring panitikan na nagtatampok ng genreng "teen fiction" at romansa na inaasahang mas palasak kaysa tradisyonal na anyo ng panitikan dahil tinatanggap ang pagkasira ng pagkakaiba ng mataas at mababang uri ng kultura.

## CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Lumitaw ang katangian ng Wattpad bilang isang malawak na usapin ng pag-ibig. Mula sa pagiging romantiko na mga linyahan na mga pangunahing bida hanggang sa pagbabago ng ugali dahil sa taglay na pagmamahal. Hindi nalalayo ang mga kwento sa Wattpad sa katangian ng isang maikling kwento dahil parehong tumatalakay sa isang madulang pangyayari, gumagamit ng isang mahahalgang tagpo, nagpapakikalala ng mabilis na pagtaas ng kawilihan hanggang sa kasukdulan ngunit maliban na lamang na lumalagpas ito sa mahigit dalawang tauhan. Dagdag pa rito, ang bagong porma nito nasa online na maaaring gamitin sa selfon o laptop mas naging napadali ang 'access' ng pagbabasa ng panitikan. Dahil sa malayang pagbibigay ng opinyon ng mga tagasugid, nabibigyan ng pagkakataon na mas pagandahin ito. Sa post- modernism, nakapaloob bilang pagpapahayag ng damdamin mula sa epekto ng lipunang ginagalawan at pagpapakilala sa henerasyon ngayon na tumatangkilik sa kanluran. Sa pangkalahatan, nagpapakita ng mga elementong postmodernismo ang mga kuwento sa Wattpad sa pamamagitan ng pagsasalamin sa pagkawatak-watak ng lipunan, pagbibigay-diin sa iba't ibang pananaw at pagkilala sa papel ng mambabasa bilang katuwang o kasama sa pagbuo ng intepretasyon ng kahulugan ng teksto. Sa ganitong paraan, nagsisilbing isang makabagong porma ng digital na panitikan ang Wattpad na tumutugon sa pagbabagong hatid ng modernisasyon sa kulturang pampanitikan ng mga Pilipino.

Kaugnay ng mga natuklasan sa pag-aaral at sa mga nabuong konklusyon, inihahanay ang sumusunod na mga rekomendasyon: (1) Nirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon pa ng maraming pag-aaral na tumutuon sa mga likha ng mga lokal na Wattpader sa Pilipinas, lalo na sa mga Wattpader na nakagawa ng aklat o naisapelikula. Makakatulong ang pagsusuri sa mga akda ng mga lokal na manunulat sa Wattpad upang maipakita ang natatanging boses at karanasan ng mga Pilipino. Maaaring mabigyan ng malalim na pagdalumat ang karanasan ng mga Pilipino buhat ng pagkilatis sa mga tema at isyung partikular sa kultura at lipunan ng Pilipinas ang mga kwento ng mga lokal. (2) Magsagawa pa ng katulad na pag-aaral ilang taon mula ngayon upang makita ang pag-unlad ng Wattpader at Wattpad sa usapin ng emergent literature. Malaking tulong na pag-aralan ang Wattpad sa loob ng ilang taon upang makita ang mga pagbabago at pag-unlad ng nasabing platform at ng mga kwento nito. Sa pamamagitan nito, maaaring makita at maunawaan kung paano nagbabago ang panitikan sa digital na panahon. (3) Magsagawa ng pag-aaral sa mga kuwentong Wattpad naisapelikula at mga nabago nito at paano naapektuhan ang kabuuan ng Wattpad na kuwento. Mahalaga rin na makilatis ang kwentong Wattpad na naging pelikula upang maunawaan kung paano nagbabago ang mga kwento mula sa kanilang orihinal na anyo sa Wattpad patungo sa pelikula. Maaaring ang mga pagbabagong ito ay magbigay ng kabatiran sa proseso ng adaptasyon at kung paano ito nakakaapekto sa kabuuan ng kwento.

## IMPLICATIONS

Mula sa resulta ng pag-aaral, makikitang malaki ang implikasyon sa larangan ng wika at panitikang Pilipino dahil makikitang hindi pa ganoon napag-uusapan ang mga gagawing aksyon ng nasa pang-akademikong larangan o ang mismong Wattpad para mapalinang at mapayabong ang mga akdang Filipino.

Sa komunidad ng Wattpad, maraming gumawa ng hakbang upang mapag-usapan ang isang malaking hamon na pagpaunlad ng Wattpad tungo sa mataas na uri ng panitikan. Upang ang susunod na henerasyon ay magagamit ang ganitong plataporma sa pagkatuto.

Sa mga guro sa Filipino, maaaring gawing isa kagamitang pagtuturo ang mga akdang Wattpad na makikita sa app para sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat lalo na sa larangan ng panitikan.

Sa mga mag-aaral, isang malaking hakbang ang pag-aaral na ito upang mapayabong ang Panitikang Filipino sa nais gusto nila. Sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsusulat, at pakikipag-inter-ak sa Wattpad, maibabahagi at mapapalawak ang kasanayan sa pagbasa at paglikha ng mga akdang patok sa kanilang estetika.

## ACKNOWLEDGEMENT

Taos-pusong pinasasalamatan ang mga taong naging haligi at ilaw para matapos ang papel-pananaliksik lalong-lalo na sa aking naging guro, ninong at adbayser, Prop. Mundala Jr at sa bumubuo ng DFIW, MSU-IIT, Gayundin din sa paaralang magsa-sampung taon ko ng pinagsisilbihan at mahal na mahal ang MSU-IIT, Integrated Developmental School, lalo na sa aming butihing prinsipal na nagbigay ng walang humpay na suporta. Sa aking minamahal na Mama Pin, Papa Nonoy, at mga bunso kong kapatid: El at Gab sa lakas na binigay sa tuwing pinaghihinaan na ako ng loob. Sa aking inspirasyon at dahilan ng aking pagbangon, ang aking munting pamilya: Dad Tom at baby Athena (hango sa pangalan ng paborito kong karakter sa Wattpad) maraming salamat sa pagmamahal na ibinuhos ninyo sa akin. At higit sa lahat, sa Panginoon na Siyang dahilan sa lahat ng ito, alay ko ito sa inyo.

## FUNDING

The study did not receive funding from any institution.

## DECLARATIONS

### *Conflict of Interest*

Ipinahahayag ko na ang mga isinumiteng papel-pananaliksik ay aking sariling gawa, at sa abot ng aking kaalaman, hindi ito naglalaman o naisulat ng iba, ni materyal, sa isang malawak na sakop na tinanggap upang igawad paglathala nito maliban sa mga kumilala sa papel na ito. Anumang kontribusyong naibigay sa pananaliksik mula sa iba, kasamahan ko man o hindi, ay hayagang kinilala sa papel. Ipinahahayag ko rito na ang intelektwal na nilalaman ng pananaliksik ay bunga ng aking sariling gawa, maliban sa mga tulong mula sa iba na kinilala sa papel na ito.

### *Informed Consent*

Hindi ito naglalaman ng sensitibong datos gaya ng pribadong impormasyon, panayam o datos na maaaring makaapekto sa isang indibidwal dahil ang ito ay pagsusuri ng mga kwentong Wattpad.

### *Ethics Approval*

Ang papel na ito ay sumunod sa tamang etikal na pamamaraan, Hindi ito naglalaman ng pribadong impormasyon, mga direktang interbyu o kaya ay datos na makakasira ng reputasyon ng isang indibidwal.

## REFERENCES


Alvarez, Z. (2015, Setyembre 28). Wattpad para sa Panitikang Filipino. Blogger. Kinuha mula sa http://wikasaWattpad.blogspot.com noong Hunyo 23, 2018

Andrada, M. (2020, Oktubre 14). Digtalas Paglikha At Pagtuturo Ng Panitikang Digital. Mula sa *Sesyon 2 ng Ani 2020*. (livestream) MSU-IIT, Departmento ng Filipino.

Basogul, D. A. (2021). Wattpad in youth literature based on the experiences of Turkish teachers and secondary school students. *International Journal of Education and Literacy Studies,* 9(1),124. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.9n.1p.124

Belonio, K.M. (2017). Saranghae, Korea! Mga dahilan ng milenyal na Pilipino na nahuhumaling sa musikang K-Pop, K-Dramas at Kulturang Hallyu. RML, Online Journalism.

Bautista, P. (2000). Ang maikling kwento bilang maikling sining: *Pamamamaraan sa pagsulat sa paningin ng isang Pilipino*. New Day Publishers.

Brainstation. (2015, Oktubre 1). A brief history of Wattpad. Kinuha mula sa https://brainstation.io/magazine/a-brief- history-of-Wattpad noong Hunyo 20, 2023.

Contreras, D.J, Gonzaga, H.G, Trovela, B.M, Kagaoan, M. (2015). The "Wattyfever": Constructs of Wattpad readers on Wattpad's role in their lives. LPU Laguna Journal of Arts and Sciences Communication Research, 2(1), 308-327. Research and Statistics Center LPU Laguna.

Gayanes, T.F. (2015). *She's dating the gangster: A transmedia narrative and its political economy*. University of the Philippines Diliman. Kuha mula sa https://iskomunidad.upd.edu.ph/images/0/0e/GAYANES.pdf

Hayles, N. K. (2008). *Electronic literature*: *New horizons for the literary.* University of Notre Dame Press. Kuha mula sa https://tactileword.wordpress.com/wp-content/uploads/2012/05/hayles-electronic-literature.pdf

Hesburgh Libraries. (2024, Abril 1.) Library Guides: Leisure Reading — Literature: Humorous. Hesburgh Library, University of Notre Dame. Kinuha mula sa https://libguides.library.nd.edu/leisure-reading/humorous noong Hunyo 8, 2024.

Lumbera, B. & Torres-Yu, R. (2005). Bayan at lipunan: Ang Kritisismo ni Bienvenido L. Lumbera. University of Santo Tomas Publishing House.

Lyotard, J.-F. & Thebaud, J.-L. (1985). Just gaming. University of Minnesota Press.

Ordonez, E. A. (2001). *Emergent literature: Essays on Philippine Writing*. University of the Philippines Press.

Panganiban, J.V. & Panganiban, C.T. (1954). *Panitikan ng Pilipinas.* Bede's Pub.

Putri, G. A. & Nasrullah, N. (2023). Investigating the effectiveness of Wattpad app on students' motivation in reading. Register Journal UNIMED, 12(1), 60-67.

Russell, D. H. (1958). Some research on the impact of reading. The English Journal,47(7),398–413. https://doi.org/10.2307/808525

## Author's Biography

### Cristy Noelle L. Arteta-Nabangue, MA

Ipinanganak ang mananaliksik noong ika-11 ng 1995 at nakatira sa Tibanga, Lungsod Iligan. Kinasal kay Rustom Nabangue at may isang anak na si Athena Ruselle Nabangue. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng mga Sining sa Filipino bilang cum laude noong 2016 at naitapos naman Master ng Sining sa Filipino noong Hulyo 2024 sa MSU-IIT. Siya ay kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Edukasyong Pagpapakatao sa Integrated Developmental School ng higit siyam na taon na.

### Asst. Prop. Delfin H. Mundala, Jr.

Kasalukuyang guro Filipino at Panitikan ng MSU-IIT, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan sa Departamento ng Filipino na higit dalawampung dekada. Dito rin

niya tinapos ang kanyang batsilyer, masteral at sa kasalukuyang tinatapos ang kanyang tesis sa PhD. Bukod sa pagiging guro, tanyag rin siya sa pagiging manunulat, mananaliksik at mananayaw.